SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-7 NG ABRIL, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco............... | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas.............. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez............. | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat.......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison............... | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A.Villaseñor........... | Kagawad |

DI-DUMALO:

W A L A

## KAPASIYAHAN BLG. 102-T'97

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY P744,350.30 MULA SA BALANSE NG 20% DEVELOPMENT FUND NG TAONG 1996 BILANG KAPUPUNAN SA HALAGANG P5,298,234.20 PARA SA MGA PROYEKTO AT GAWAING NAKAPALOOB SA NABANGGIT NA PONDO NG PAMAHALAANG BAYAN PARA SA TAONG ITO.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 03-T'97 ng Mun. Development Council na nagpapatibay sa balanse ng 20% Development Fund ng taong 1996 upang magamit sa mga itinakdang pangunahing proyekto at gawain ng pamahalaang bayan sa taong ito;

**SAPAGKA'T,** iniharap din at tinalakay sa sangguniang ito ang kapasiyahan Blg. 04-T'97 ng Mun. Development Council na sinasaayos ang mga proyekto at gawaing nakapaloob sa 20% Development Fund sa taong ito na nagkakahalaga ng P5,298,234.20;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison, Celestino D. Pamatmat, Ricardo B. Ramirez at Jeffrey A. Villaseñor at sa pagsang-ayon ng lahat ng kagawad na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang halagang P744,350.30 na nagmula sa balanse ng 20% Development fund ng taong 1996 bilang kapupunan sa halagang P5,298,234.20 para sa mga proyekto at gawaing nakapaloob sa nabanggit na pondo ng Pamahalaang Bayan sa taong ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Pambayang Pinuno sa Pagpapaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. SANDICHO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**
**DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Roberto Barbers, Kalihim ng Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamahalaan, Gen. Recaredo Sarmiento, Director General Philippine National Police, Gen. Clyde Fernandez, Regional Commander Region IV, lahat sa Lungsod ng Quezon, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang, Kgg. Punong bayan, Kagawaran ng Pulisya, Santa Cruz, Laguna, apra sa kanilang rin kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. SANDICHO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

**NARCISO O. INFANTE**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan